

## Narito Kami Para Tumulong

**LACDMH**
**Dibisyon ng Pakikilahok sa Buong County, May Tulong na Paggamot sa Outpatient (AOT-LA)**

AOTLAOE@dmh.lacounty.gov
p: 213.738.2440
F: 213.402.3043

https://dmh.lacounty.gov/our-services/countywide-services/aotla/

## Mga Pinapahalagahan ng LACDMH

**Integridad.** Isinasagawa namin ang aming tungkulin nang propesyonal alinsunod sa pinakamataas na pamantayan ng etika.

**Paggalang.** Kinikilala namin ang pagiging natatangi ng bawat indibidwal at tinatrato ang lahat ng tao sa paraang kumikilala sa kanilang personal na halaga at dignidad.

**Pananagutan.** Inaako namin ang responsibilidad para sa aming mga pagpili at mga kalalabasan nito.

**Pakikipagtulungan.** Nagtutulungan kami tungo sa mga parehong layunin sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa buong komunidad, pagbabahagi ng kaalaman, pagbuo ng matibay na kasunduan, at pagbabahagi ng paggawa ng desisyon.

**Dedikasyon.** Gagawin namin ang lahat para mapabuti ang buhay ng aming mga kliyente at komunidad.

**Pagiging Bukas.** Malinaw naming ipinapahayag ang aming mga ideya, desisyon, at resulta upang masiguro ang tiwala sa aming organisasyon.

**Kalidad at Kahusayan.** Tinutukoy namin ang pinakamataas na personal, pang-organisasyon, propesyonal at klinikal na mga pamantayan at itinatalaga namin ang aming mga sarili sa pagkamit ng mga pamantayang iyon sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti sa bawat aspeto ng aming pagganap.

**Kung ikaw ay nasa krisis at nangangailangan kaagad ng tulong, tumawag sa aming 24/7 na libreng tawag na Linya Ng Tulomg:**

**800.854.7771**

dmh.lacounty.gov



# May Tulong na Paggamot sa Outpatient (AOT-LA)

LOS ANGELES COUNTY
DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.




## Tungkol sa

Ang May Tulong na Paggamot sa Outpatient (Assisted Outpatient Treatment, AOT), na kilala rin bilang Laura's Law, ay sinimulan kasunod ng pagpatay kay Laura Wilcox noong 2001 ng isang indibidwal na may matinding karamdaman sa pag-iisip.

Ang programa ng AOT-LA ay nagsisilbi sa mga indibidwal na may malubhang sakit sa pag-iisip na nasa malaking panganib ng paglubha ng karamdaman at/o detensyon sa ilalim ng WIC5150 bilang direktang resulta ng hindi magandang pagsunod sa psychiatric na paggamot. Ang programa ay nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na ito sa pagsisikap na isali sila sa boluntaryong paggamot. Kung ang indibidwal ay patuloy na tumanggi sa paggamot, maaaring piliin ng programa na ipetisyon ang indibidwal tungo sa paggamot na iniutos ng hukuman.

## Mga Serbisyong Ibinibigay

- Malawak na pakikipag-ugnayan at pakikibahagi sa loob ng hindi bababa sa 30 araw
- Pagsusuri at pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip
- Pag-uugnay sa psychiatric na paggamot para sa outpatient, na pangunahing sa Pakikipagsosyong May Ganap na Serbisyo (Buong Serbisyong Pakikipagtulungan, Full Service Partnership, FSP)
- Posibleng petisyon para sa psychiatric na paggamot na iniutos ng hukuman
- Pakikilahok sa pagdinig sa hukuman at pag-follow-up sa kautusan ng hukuman

## Ano Ang Hindi Namin Maibibigay

Ang AOT-LA ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa outpatient at wala itong awtoridad na mag-utos ng gamot o hindi boluntaryong pangmatagalang pagpapaospital o Lanterman Petris Short (LPS) conservatorship; samakatuwid, ang programa ay walang kakayahang magpasimula ng pangmatagalan at hindi boluntaryong pangako. Ang mga conservatorship ng LPS ay pinasisimulan ng mga psychiatric na ospital, kaya't ang desisyon kung itutuloy o hindi ang pangmatagalang hindi boluntaryong pangako ay nasa nanggagamot na doktor at sa pasilidad.

Ang AOT-LA ay hindi nagbibigay ng pagtugon sa krisis sa mga indibidwal na nasa psychiatric na krisis. Kung mayroon kang psychiatric na krisis, mangyaring tumawag sa 911 o Linya ng Tulong ng LACDMH, 24/7, sa 1.800.854.7771.

## Sino ang Maaaring Sumangguni?

Ang mga nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na pamantayan ay maaaring sumangguni sa mga serbisyo ng AOT-LA:

- Kasama sa bahay na may edad na 18 taon pataas
- Magulang, kapatid, asawa, o anak ng kliyente na higit sa 18 taong gulang
- Direktor ng pasilidad ng pangangalaga sa tirahan ng kliyente
- Direktor ng Ospital
- Lisensyadong provider ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip
- Opisyal ng Kapayapaan/Opisyal ng Parole/Opisyal ng Probasyon
- Hukom ng Pinakamataas na Hukuman

## Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado

Upang maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng AOT-LA, dapat matugunan ng kandidato ang lahat nang pamantayan sa ibaba:

- 18 taong gulang pataas
- May malubhang karamdaman sa pag-iisip
- Batay sa kasaysayan ng paggamot at kasalukuyang pag-uugali, isa sa mga sumusunod ang totoo:
  - Malabong mabuhay nang ligtas sa komunidad nang walang pangangalaga at higit na lumulubha na ang karamdaman o
  - Kailangan ng AOT upang maiwasan ang muling paglala o paglubha ng karamdaman na maaaring magresulta sa malubhang kapansanan o seryosong pinsala sa sarili o sa iba.
- May kasaysayan ng hindi pagsunod sa paggamot, kung saan ang karamdaman sa pag-iisip ng kliyente ay nagresulta sa isa sa mga sumusunod na totoo:
  - Dalawa o higit pang pagpapaospital at/o paggamot sa kalusugan ng pag-iisip sa loob ng kulungan sa nakaraang 36 na buwan o
  - Sa loob ng nakaraang 48 buwan, isa o higit pang gawain ng malubha at marahas na pag-uugali, banta, o pagsubok na magdulot ng malubhang pisikal na pinsala sa sarili at/o sa iba.
- Pagkabigong makibahagi sa available na paggamot
- Ang AOT ang magiging pinakamababang limitasyon sa kinakailangang hakbang upang matiyak ang paggaling at katatagan.
- Malamang na makinabang mula sa mga serbisyo ng AOT

Huling na-update noong 11/19/2024